



Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan – Modyul 4:
## Mahahalagang Detalye sa Napakinggan o Nabasang Editoryal



Pangalan: ______________________________________

Baitang/Seksyon: ________________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat** **:** Jay H. Sagario

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.

**Tagasuri:** Honoria Maryola O. Agum,
Julieta H. Tibon,
Roderick R. Luna, Jephone P. Yorong, Ed.D.

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.

**Tagalapat** **:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed.D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D.
Jephone P. Yorong, Ed.D.
Lindo O. Adasa Jr.



## Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

✞ naisasalaysay ang mahahalagang detalye sa napakinggan o nabasang editoryal; ✞ nasusuri kung opinyon o katotohanan ang isang pahayag.

F4PN-IIId-18, F4PB-IIIf-19



## Balikan

**Panuto:** Basahin ang editoryal sa ibaba at sagutin ang mga katanungan tungkol dito. Bilugan lamang ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

### "IPAGPATULOY ANG MGA NAKASANAYAN SA COVID"

Sabi ng mga eksperto, matatagalan pa bago mawala ang coronavirus o ang COVID-19. Pero ang pahayag ng World Health Organization (WHO) kahapon, maaaring hindi na umano umalis o mawala sa piling ng mga tao ang sakit na ito. Mananatili na umano ito na walang pinagkaiba sa sakit na tuberculosis (TB) at Acquire-Immune Deficiency Syndrome (AIDS). Ang tanging magagawa para ito malabanan ay ang makatuklas ng bakuna. Pero kahit na nga may bakuna, mananatili na ang sakit na ito sa kapaligiran o ang tinatawag na endemic. Pahihinain lamang ito ng bakuna pero kahalubilo na ng mga tao.

Kung totoo ang sinabi ng WHO na magiging endemic ang COVID-19, nararapat lamang na ipagpatuloy ng mamamayan ang nakasanayan nang pag-iingat para makaiwas sa virus. Huwag nang bumalik sa dating nakasanayan na hindi nagsusuot ng face mask, kumpul-kumpol sa isang lugar, hindi naghuhugas ng kamay at kung anu-ano pang hindi magandang gawain na nagdudulot ng pagkakasakit.

Mula nang manalasa ang COVID-19, natuto ang marami sa tamang kalinisan. Itinakwil ang hindi magandang nakagawian gaya nang pagdura, pagdumi sa kung saansaan at iba pa. Marami ngayon, pag-uwi ng bahay naliligo agad at nilalabhan ang sinuot na damit. Hindi na rin ipinapasok sa loob ng bahay ang suot na sapatos para hindi makapagdala ng virus. Ayaw nilang mahawa ang pamilya.

Ipagpatuloy ang mga nakasanayang ginagawa habang nananalasa ang COVID19. Ito ang nararapat ngayon at sanayin na ang sarili sa mga gawaing ito. Bahagi na ng buhay ang pag-iingat upang hindi kumalat ang sakit. Kung maipagpapatuloy ang nakaugalian, hindi na magugulat o matataranta kapag may mas matindi pang sakit na manalasa. Nakahanda na ang lahat.

Subalit dapat din namang apurahin ng mga kinauukulan ang pagtuklas ng bakuna laban sa COVID-19 para nakasisigurong ligtas ang sangkatauhan.

1.) Mula noong kumalat ang COVID-19 sa ating bansa, bakit ba ipanagbabawal ng ating pamahalaan ang pagtitipon-tipon, pagdidikit-dikit sa bawat isa, at ang mahigpit na pagpapasunod sa lahat ang pagsusuot ng face mask at face shield? a. Upang maging bagong istilo ng pamumuhay ng mga Pilipino

b. Upang maiwasan ang pagkalat at pagkahawaan ng nasabing sakit

c. Upang maging sikat sa lahat ng mga lugar ng kontinenteng Asya

d. Upang maiwasan ang rambulan o awayan ng mga mamamayan

2.) Ano ba ang magagawa ng mahigpit na pagpapasuot ng face mask at face shield sa ating lahat?

a. Ito ay makatutulong upang hindi maipakita ang hindi magandang hitsura ng tao sa iba.
b. Ito ay makatutulong upang hindi maamoy ng ibang tao ang ating masamang hininga.
c. Ito ay makatutulong upang maiwasan ang masalinan ng sakit na COVID-19 sa pamamagitan ng droplets kapag umubo o humatsing ang taong mayroon nito o makahawa ng ibang tao.
d. Ito ay makatutulong upang maiwasang mapasukan ng mga insekto ang ating ilong at bibig.

3.) Ano ang tanging panlaban sa sakit na ito sabi ng World Health Organization (WHO)?

a. Ang pagtuklas ng iinoming droga
b. Ang pagtuklas sa mga hayop na nagdadala ng sakit na ito
c. Ang pagtuklas sa taong gumawa nito upang mapatigil siya at masampahan ng kaso
d. Ang pagtuklas ng bakuna para dito

4.) Habang tayong lahat ay naghihintay parin sa bagay na tinutuklas ng mga siyentista na maaaring panlaban sa COVID-19, alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapakita ng pagpoprotekta sa ating mga sarili at sa ating mga mahal sa buhay laban sa sakit na ito maliban sa pagsusuot ng facemask at face shield?

a. Pag-iinom ng bitamina at pag-eehersisyo araw-araw
b. Palagiang pagpopost sa social media sa listahan ng mga barangay sa inyong siyudad na may tumataas na numero ng mga taong may sakit na ito
c. Pakikikain sa selebrasyon ng kaarawan ng kakilala na may bonggang handaan at may di gaano karaming tao
d. Pumupunta sa iilang kapitbahay na walang anumang sintomas ng sakit na

5.) Sa tingin mo, ano ang natutunan nating lahat mula sa sakit na ito?

a. Ang kahalagahan ng pagiging mapanuri sa ating kapaligiran
b. Ang kahalagahan ng pagiging mabait sa ibang tao
c. Ang kahalagahan ng pagiging masipag at mapagkakatiwalaan
d. Ang kahalagahan ng pagiging responsable sa pagpapanatili ng kalinisan sa buong katawan o pangangalaga sa sariling kalusugan

| Aralin 4 | **Mga Mahahalagang Detalye sa Napakinggan o Nabasang Editoryal at Mga Opinyon o Katotohanang Pahayag** |
| --- | --- |



## Tuklasin

**Panuto:** Ayusin ang mga nagulong letra upang mabuo ang tamang salita sa bawat bilang. Gawing batayan sa pagsagot ang mga detalyeng ibinigay. Isulat ang nabuong salita sa linya.

1. Ito ay isang mapanuring pagpapakahulugan ng kahalagahan ng isang napapanahong pangyayari upang magbigay-kaalaman, makapagpaniwala o makalibang sa mga mambabasa.

**L A Y E D I T O R** = ______________________________

2. Ito ay isang impormasyon na batay sa saloobin at damdamin ng tao.

**O Y N N I O P** = ______________________________

3. Ito ay isang bagay, konsepto o kasabihan na tiyak na tama o may balididad na hindi mapagtatanungan.

**N N A H A O T O T K A** = ______________________________

Sa araling ito, malalaman mo kung ano-ano ang mga **mahahalagang detalye sa napakinggan o nabasang editorial** at ang mga **opinyon o katotohanang pahayag**.



## Suriin

| |
|---|
| **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang editoryal sa susunod na pahina. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan tungkol sa mga mahahalagang detalye sa editoryal. |

**HANDA NGA BA SA KALAMIDAD?**
Pilipino Star Ngayon Hunyo 7, 2013

Isang *low pressure area* (LPA) ang namataan sa Pacific Ocean at maaaring pumasok sa Pilipinas sa Sabado o Linggo. Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) kapag pumasok na sa bansa ang LPA tatawagin itong "Dante".

Malayo pa ang LPA pero sabi ng mga taga-PAGASA, maaaring ito na ang simula ng tag-ulan. Noong nakaraang lingo sinabi ng PAGASA na uulanin ang pagbubukas ng klase noong Lunes. Pero kabaliktaran ang nangyari sapagkat naging maganda ang panahon sa maraming lugar kasama na ang Metro Manila.

Unang pangyayari na naging maaliwalas ang panahon sa unang araw ng klase. Nang mga sumunod na araw ay naging maganda pa rin ang panahon kaya nagpatuloy ang pasok ng mga estudyante. Sa mga nakaraang pagbubukas ng klase, unang araw pa lamang ay suspendido na agad dahil sa walang tigil na pagbuhos ng ulan na naging dahilan ng pagbaha.

Iniulat naman ng World Bank (WB) noong nakaraang linggo na isa ang Pilipinas sa mga bansang pinakahanda sa natural disasters. Nakakuha ang Pilipinas ng 3.25% average indicator. Ilan pa sa mga bansang handa sa kalamidad ay ang Thailand (3.5%), Indonesia (3.75%), Japan (4%) at Malaysia (4.25%).

Hindi naman sinabi kung ano ang naging batayan ng WB at nasabing isa ang Pilipinas sa mga pinakahandang bansa sa pagdating ng kalamidad. Maaaring ang pinagbatayan ay ang madalas na pagdalaw ng bagyo sa Pilipinas. Sanay na ang mga Pilipino sa may 24 na bagyo na dumadalaw sa bansa. Ang pananalasa ng bagyo ang nagdudulot ng pagkawasak ng mga bahay at pagkasira ng mga pananim. Marami rin ang namamatay dahil sa bagyo. Ang pagbaha ay karaniwan na lamang sa bansa. Noong 2009, nanalasa ang bagyong "Ondoy" at lumubog ang Metro Manila.

Hindi masasabing preparado ang Pilipinas sa mga kalamidad. May pagkakataong mali ang forecast ng PAGASA sa bagyo. Minsan, nagalit si President Aquino sa maling pagtaya ng bagyo. Mabagal din naman ang gobyerno sa pagre-relocate ng informal settlers kaya marami ang namamatay. Kung walang maitatalang casualties, saka pa lamang sigurong masasabi na handa ang Pilipinas sa natural disasters.

**Panuto:** Bilugan lamang ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Tungkol saan ang iyong binasang editoryal?
a. Tungkol sa pagiging handa sa panahon ng solar eclipse
b. Tungkol sa pagiging handa sa panahon ng kalamidad
c. Tungkol sa pagiging handa sa panahon ng aksidente
d. Tungkol sa pagiging handa sa panahon ng may lindol

2. Ano-ano ang inaagap ng PAG-ASA?
a. Ang pag-ikot ng mga planeta sa araw
b. Ang pagputok ng mga bulkan
c. Ang paparating na low pressure area (LPA) o bagyo
d. Ang hindi inaasahang banggaan ng mga sasakyan sa kalsada

3. Gaano ba karami ang mga low pressure area (LPA) o bagyong pumapasok sa ating bansa?
a. Mayroong 16 na LPA o bagyong papasok sa ating bansa
b. Mayroong 18 na LPA o bagyong papasok sa ating bansa
c. Mayroong 20 na LPA o bagyong papasok sa ating bansa
d. Mayroong 24 na LPA o bagyong papasok sa ating bansa

4. Ano-ano ang dulot ng low pressure area (LPA) o bagyong dadaan sa isang bansa?
a. Nagpapasagana sa lahat ng mga tanim sa bukid
b. Nakapaglilinis sa lahat ng anyong tubig at lupa
c. Nagdudulot ng malawakang pagbaha at pagkasira ng mga imprastraktura at pananim
d. Nakapagbibigay ng maraming huli na isda

5. Gaano ba kahanda ang Pilipinas sa ganitong uri ng kalamidad kung susuriin sa pamamagitan ng porsiyento?
a. Ayon sa World Bank, ang Pilipinas ay nakakuha ng 3.25% average indicator sa pagiging handa nito sa panahon ng kalamidad.
b. Ayon sa World Bank, ang Pilipinas ay nakakuha ng 3.75% average indicator sa pagiging handa nito sa panahon ng kalamidad.
c. Ayon sa World Bank, ang Pilipinas ay nakakuha ng 4% average indicator sa pagiging handa nito sa panahon ng kalamidad.
d. Ayon sa World Bank, ang Pilipinas ay nakakuha ng 4.25% average indicator sa pagiging handa nito sa panahon ng kalamidad.



## Pagyamanin

**Panuto:** Suriin kung alin sa mga tekstong nakapaloob sa editoryal na iyong binasa ang opinyon o katotohanan. Lagyan ng tsek (/) ang hanay ng opinyon kung ang pahayag ay isang opinyon. Samantala, lagyan ng tsek (/) ang hanay ng katotohanan kung ang pahayag ay isang katotohanan.

| MGA PAHAYAG | OPINYON | KATOTOHANAN |
|---|---|---|
| 1. Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical-Services Administration (PAGASA) kapag pumasok na sa bansa ang LPA tatawagin itong "Dante". | | |
| 2. Sanay na ang mga Pilipino sa may 24 na bagyo na dumadalaw sa bansa. | | |
| 3. Iniulat naman ng World Bank (WB) noong nakaraang lingo na isa ang Pilipinas sa mga bansang pinakahanda sa natural disasters. | | |
| 4. Hindi masasabing preparado ang Pilipinas sa mga kalamidad. | | |
| 5. Noong 2009, nanalasa ang bagyong "Ondoy" at lumubog ang Metro Manila. | | |



## Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Ipabasa sa iyong magulang o sinumang nakatatandang kasama mo sa inyong tahanan ang editoryal na nasa ibaba at unawaing mabuti ang iyong napakinggan. Pagkatapos, sagutan ang sumunod na gawain. Punan ang patlang sa bawat bilang ng nawawalang salita o mga salita upang makompleto ang detalye.

### KARAPATAN NG MGA MAYKAPANSANAN

Agosto 18, 2017

May mga batas tayong nagpoprotekta sa karapatan ng mga PWD o Persons with Disability o mga taong may kapansanan. Isa na rito ang Batas Pambansa Blg. 344 o kilala bilang "Accessibility Law". Layunin ng batas na ito na mabigyang-pagkakataon ang mga taong may kapansanan na makakilos nang walang sagabal kaya naman maraming memoranda mula sa DILG noon ang nagsasaad na kailangang i-konsidera ang pangangailangan ng mga maykapansanan sa pagtatayo ng mga gusali maging pribado man o pampubliko.

Ito ay naging isang ganap na batas noon pang Disyembre 28, 2003 subalit kung papansinin ang mga naitayong gusali mula noon hanggang ngayon, tila bibihira lang ang sumunod sa batas na ito. Karamihan pa rin sa mga gusali ay walang probisyon para sa mga maykapansanan tulad ng paglalagay ng ramp at handralls sa mga entrance at exit ng mga ito, paglalagay ng mas maluluwang na pinto para makapasok at makalabas ang mga naka-wheelchair sa pintuan ng gusali at sa mga CR o palikuran, at iba pa. Bibihira rin ang mga foot bridge na may rampa at kung mayroon man ang iba ay napakatarik naman at hindi kayang akyatin o babaan ng naka-wheelchair. Hindi biro ang hirap na pinagdaraanan ng mga PWD para lang maisagawa nila ang mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagpasok sa paaralan o trabaho dahil na rin sa kalusugan ng suporta ng lipunan at ng pamahalaan sa mga tulad nila.

May mga batas nga ngunit masasabing kulang sa ngipin upang magamit sa pagpapatupad ng ating mga ahensiya ng pamahalaan. Tandaang ang bawat mamamayang Pilipino ay mahalaga, may kapansanan man o wala kaya't sana'y mabigyang-pagkakataon ang bawat isa upang malinang ang kani-kanilang kakayahan at hindi maging hadlang ang mga pisikal na katangiang maaari namang gawan ng paraan upang ang lahat ay makinabang.

| | | |
|---|---|---|
| probisyon | Disyembre 28, 2003 | makakilos |
| Accessibility Law | Persons with Disability | |

1. May mga batas tayong nagpoprotekta sa karapatan ng mga ________________________________________________.

2. Isa rito ang Batas Pambansa Blg. 344 o kilala bilang ______________________________.

3. Layunin ng batas na ito na mabigyang-pagkakataon ang mga taong may kapansanan na _________________ nang walang sagabal.

4. Ito ay naging isang ganap na batas noon pang __________________.

5. Karamihan pa rin sa mga gusali ay walang ________________ para sa mga maykapansanan.

**Gawain B**

**Panuto:** Mula sa napakinggang editoryal, suriin kung alin sa mga sumusunod na pahayag ang opinyon o katotohanan. Iguhit lamang masayang mukha sa linya kung ang pahayag ay isang katotohanan; samantalang malungkot na mukha naman kung ang pahayag ay isang opinyon.

1. May mga batas tayong nagpoprotekta sa karapatan ng mga PWD o Persons with Disability o mga taong may kapansanan

2. May mga batas nga ngunit masasabing kulang sa ngipin upang magamit sa pagpapatupad ng ating mga ahensiya ng pamahalaan

3. Isa na rito ang Batas Pambansa Blg. 344 o kilala bilang "Accessibility Law"

4. Tila bibira lang ang sumusunod sa batas na ito

5. Layunin ng batas na ito na mabigyang-pagkakataon ang mga taong may kapansanan na makakilos na walang sagabal.



## Isaisip

Sa pagsasalaysay sa mga mahahalagang detalye mula sa napakinggan o nabasang editoryal, laging isaisip na ito ay binubuo ng isang pambungad na pangungusap na nagtatanghal ng kuwentong sasabihin, maliit na konklusiyon upang lagumin ang nangyari, at nagbibigay sa mga mambabasa ng lahat ng mga impormasyon na kinakailangan upang maunawaan ang sentral na katotohanan.

Sa pagsusuri ng isang pahayag, lagi ring isaisip na ang opinyon ay isang impormasyon na batay sa saloobin at damdamin ng tao samantalang ang katotohanan naman ay tumutukoy sa isang bagay, konsepto o kasabihan na tiyak na tama o may balididad na hindi mapagtatanungan.



## Tayahin

**I. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang editoryal na nasa ibaba. Pagkatapos, sagutan ang sumunod na gawain. Itambal ang detalye sa Hanay A sa mga detalye sa Hanay B upang mabuo ang kompletong detalye sa bawat bilang. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa linya bago ang bawat bilang.

**'FATTENING THE CURVE'**

Mahalagang mga kataga ang "flattening the curve" sa tugon ng mga bansa sa pandemyang coronavirus disease 2019 (Covid-19). Ilang buwan pa lang mula nang ideklara ng World Health Organization na may pandemya, naisagawa na ng ibang bansa ang pagpatag sa sinasabing kurba. Naging kritikal ang tugon ng gobyerno at mga mamamayan sa mga naturang bansa para matagumpay itong maisagawa. Ang iba sa mga ito'y dumaranas na ng ikalawa o ikatlong "wave" ng pagkalat kung kaya't panibagong pagsisikap upang maampat ito.

Sa Pilipinas, hindi pa malinaw kung flattened (napatag) na ba o hindi ang kurba ng Covid-19. Iba-iba ang opinyon ng mga eksperto hinggil dito. Medyo masalimuot.

Kamakailan, sinabi ni Dr. Guido David, bahagi ng mga mananaliksik ng UP OCTA Research, "flattened" na umano ang curve sa bansa. Naging batayan ng naturang eksperto ang pagbaba sa isang porsiyento ng reproduction number ng virus nang ilabas ang kanilang datos noong unang linggo ng Setyembre. Aniya, mula sa 4,000 na average na kaso kada araw bumaba na umano ito sa 3,000.

Pero mahirap paniwalaang naampat na ang pagkalat ng Covid-19. Lalo pa't pumalo nang muli sa halos 4,000 ang arawang kaso ng sakit. Higit pa, di maitatatwa ang palpak na tugon sa pandemya ng administrasyong Duterte. Kaya imbes na "flattening" the curve, tila naging "fattening" pa nga ang nangyayari.

Halos pitong buwan na ang kuwarantina na ipinataw ng gobyerno. Sa kabila nito, wala pa rin itong malinaw na plano sa pagsugpo sa pandemya – walang masaklaw at komprehensibong paglulunsad ng testing sa mayorya ng populasyon, walang maayos na contact tracing sa mga posibleng nahawaan ng sakit, walang wastong isolation (paghihiwalay) sa mga nagtataglay o posibleng nagtataglay ng sakit, at tuluy-tuloy na ayudang pinansiyal at iba pang tulong sa mga naapektuhan ang kabuhayan.

Kung susundan ang mga pahayag ni Pangulong Duterte mula Abril, tila ang plano nito'y magmakaawa sa dayuhang mga bansa, tulad ng Tsina, Rusya at Estados Unidos (US), para sa bakuna kahit pa ang kapalit nito'y pagbenta ng mga pampublikong ariarian at pagsuko ng pambansang soberanya. Sinabi ni Duterte na gusto niyang mauna sa bakuna ng Rusya, habang palaging ineendorso ang Tsina na aniya'y umaabante sa pananaliksik kaugnay nito. Iyung pag-aabsuwelto naman kay Joseph Scott Pemberton, Amerikanong sundalo na pumatay sa kababayan nating si Jennifer Laude noong 2014, ginawa raw ni Duterte para mabigyan din ng US si Duterte ng bakuna.

Samantala, habang hinihintay na makakuha ng bakuna, pagpapatupad lang ng mga stop-gap na mga solusyon tulad ng pagpapasusuot ng face shield, "pagpapaganda" ng Manila Bay gamit ang dolomite upang maging "masaya" umano ang mga mamamayan, pana-panahong lockdown at iba pa na nagpapahirap at pumeperwisyo sa ordinaryong mga mamamayan.

Makailang ulit nang binilog ng gobyerno ang isip ng tao para ipamaraling nasa kontrol nito ang sitwasyon. Noong Hulyo, sinabi ni Health Sec. Francisco Duque III na napatag na ang kurba at nasa ikalawang "wave" na ang pagkalat ng sakit; sa kaparehas na buwan ipinagbunyi ni presidential spokesperson Harry Roque na "nanalo" umano ang

mga mamamayan laban sa prediksiyon ng UP na aabot sa 50,000 kaso sa katapusan ng Hulyo; gayundin ang makailang ulit at kaduda-dudang pagbabago sa kategorya ng Department of Health hinggil sa datos ng mga kaso ng infected at recovered ng Covid-19.

Walang pagtatalo na hangad ng lahat na mapatag na ang kurba upang tumungo sa pag-ampat ng pagkalat ng sakit hanggang sa tuluyang mawakasan na ang pandemya. Maliban na lang marahil sa mga nais gamitin ang pandemya para sa kanilang pakinabang. Kung sa kanilang kaso, hindi toto o ang "flattening the curve" – sa gitna ng pandemya lalong bumibilog ang kurbada ng kanilang tiyan at bulsa.

**A**

1. Mahalagang mga kataga ang "flattening the curve" sa tugon ng mga bansa sa pandemyang ____________.
2. Kumakailan, sinabi ni __________, bahagi ng mananaliksik ng UP OCTA Research, flattened na umano ang curve sa bansa.
3. Halos ________ na ang kuwarantina na ipinataw ng gobyerno.
4. Sinabi ni Duterte na gusto niyang mauna sa bakuna ng __________, habang palaging ineendorso ang Tsina na aniya'y umaabante sa pananaliksik nito.
5. Noong Hulyo, sinabi ni Health Sec. _______ na napatag na ang kurba at nasa ikalawang "wave" na ang pagkalat ng sakit.

**B**

A. Francisco Duque II

B. Rusya

C. Dr. Guido David

D. Coronavirus Disease 2019

E. pitong buwan

**II. Panuto:** Basahing maigi ang mga sumusunod na pahayag at bilugan lamang ang salitang **opinyon** o **katotohanan** na nakapaloob sa saklong.

(opinyon , katotohanan) 1. Sa Pilipinas, hindi pa malinaw kung flattened na ba o hindi ang kurba ng Covid-19.

(opinyon , katotohanan) 2. Ilang buwan pa lang mula nang ideklara ng World Health Organization na may pandemya, naisagawa na ng ibang bansa ang pagpatag sa sinasabing kurba. (opinyon , katotohanan) 3. Kaya imbes na "flattening" the curve, tila naging "fattening" pa nga ang nangyayari.

(opinyon , katotohanan) 4. Halos pitong buwan na ang kuwarantina na ipinataw ng gobyerno.

(opinyon , katotohanan) 5. Makailang ulit nang binilog ng gobyerno ang isip ng tao para ipamaraling nasa control nito ang sitwasyon.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Upang lubos nating mapaghandaan ang isang kalamidad at maging ganap na ligtas, alamin natin ang sitwasyon sa ating lugar para makatugon tayo nang angkop sa mga panawagan ng pamayanan. Sagutin ang mga tanong na nasa tsart na ito sa pamamagitan ng paglagay ng tsek (/) sa linya ng tamang sagot. Maaari kayong humingi ng tulong mula sa inyong mga magulang at iba pang nakatatanda sa pamilya at komunidad.

| Kalamidad at Bantang Panganib sa Aming Lugar | |
|---|---|
| Ano ang mga disaster na tumatama sa inyong lugar? | ____bagyo ____lindol ____baha<br>____pagputok ng bulkan<br>____pagguho ng lupa |
| Ano ang puwersang mapaminsala? | ____tubig ____pagguho ng lupa<br>____hangin ____apoy |
| Paano malalaman na may parating na kalamidad? | ____may balita sa radyo at TV<br>____may balita galing sa kapitbahay |
| Gaano kaikli o kahaba ang panahon mula sa palatandaan at pagsalanta ng kalamidad? | ____isang linggo<br>____kalahating buwan<br>____isang buwan<br>____dalawang buwan |
| Gaano ito kadalas mangyari? | ____isang beses sa isang taon<br>____dalawang beses sa isang taon ____tatlong beses sa isang taon |
| Sino-sino ang nasalanta?<br><br>Saan sila natagpuan? | ____aming pamilya at malapit na kapitbahay<br>____ang aming mga kapitbahay<br>____kaming lahat sa aming barangay<br><br>____sa ilog<br>____sa loob ng kanilang bahay<br>____sa bubong ng kanilang bahay ____sa evacuation center |
| Ano-ano ang ginawang pagaangkop sa inyong lugar pagkatapos nang naranasang kalamidad? | ____namigay ng relief goods<br>____namigay ng tulong-pinansiyal<br>____namigay ng bahay |
| Paano ngayon naghahanda ang inyong lugar laban sa kalamidad? | ____naghahanda ng evacuation center<br>____naghahanda ng mga kagamitan tulad ng pump boat para sa baha<br>____nanganganpanya tungkol sa gagawin bago, tuwing, at pagkatapos ng kalamidad |

## Susi sa Pagwawasto

| Balikan | Tuklasin | Suriin | Pagyamanin | Gawain | Gawain B | Tayahin |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 11 . b | 1 . EDITORYAL | . b | 1. Katotohanan | Gawain A | 1 . ☺ | I. 1. d 2. c 3. e |
| 2 . c | . OPINYON | . c | 2. Opinyon | 1. Persons w/ Disability | 24 ☹ | . b 5. a |
| 3 3 . d | 3. KATOTOHANAN | 2 . d | 3. Katotohanan | . Accessibility Law | 3. ☺ | II. 1. opinyon |
| 4 . a | | . d | 4. Opinyon | 3. Makakilos | 2 4. ☹ | . katotohanan |
| 5 . d | | . a | 5. Katotohan | 4. Disyembre 28, 2003 | 5. 3 ☺ | . opinyon |
| | | | 5 | . probisyon | 4 | . Katotohanan |
| | | | | | 5 | . opinyon |

**Sanggunian:**


- https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/05/16/2014326/editoryal-ipagpatuloy-ang-mganakasanayan-sa-covid
- https://www.pinoyweekly.org/2020/09/fattening-the-curve/
- https://tl.10steps.org/crire-un-paragraphe-narratif-216

### Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.